# “Ang Retreat sa Tag-init ng Manmin ay Puno ng Mga Sandaling Hindi Malilimutan”

Ang Retreat sa Tag-init ng Manmin ay isang pandaigdigang espirituwal na pagdiriwang. Dahil dinaluhan ito ng 330 pastor at mananampalataya na mula pa sa 29 bansa tulad ng U.S., Canada, Belgium, Kazakhstan, Israel, Singapore, Japan, Pilipinas, at Tsina. Pinagsama-sama namin ang mga komento ng mga dumalo sa retreat, dahil nagnanais at umaasa kami sa mga mensahe, panalangin, mga tanda at himala.


Sesyon ng Edukasyom


Pulong Panalangin na Puspos ng Banal na Espiritu


Palaro



Campfire Praise and Worship


Lugar ng Muan Sweet Water


Pagkakataon Kasama ang mga Tutubi

## *Umaasa Akong Magigising ang mga Taga-Europa sa Kapangyarihan, mga Tanda, at mga Himala*

Dra. Lilliana Van Heulen (Doktor sa Teolohiya, The Association of Evangelical Gospel Assemblies)



Ipinadala ako ng samahan ng mga ebangheliko sa Louisiana, USA para magtaguyod ng pakikipagtulungan sa Manmin Central Church.

Ito ang pinakauna kong pagbisita sa Korea. Nagkaroon ako ng mga hindi pangkaraniwang karanasan dito. Maliwanag na naramdaman kong namumuhay ako kasama ng Panginoon habang nasa Retreat sa Tag-init ng Manmin.

May mga tutubing dumapo sa akin, at nakita kong gumagalaw ang mga bituin sa langit. Nakita ko ang mga bahagharing lumitaw sa ibabaw ng Muan Manmin Church. Nakita ko rin ang lumalagablab na haligi ng Banal na Espiritu sa bahaghari dahil sa inspirasyon mula sa Banal na Espiritu. Madalas ko nang marinig ang tungkol sa mga tanda at himala, subalit ito ang unang pagkakataon kong maranasan ito nang personal. Bitbit ang mahalagang karanasang ito, umaasa akong magagawa kong gisingin ang maraming kaluluwang taga-Europa na hindi pa nakakakita ng ganitong mga tanda at himala.

Nagkataong narinig ko ang ebanghelyo ng kabanalan na ipinangaral ni Rev. Dr. Jaerock Lee sa krusadang may mahimalang pagpapagaling sa Estonia noong Oktubre 2010. Nabatid kong ang buod nito ay dapat iwaksi ang kasinungalingan sa puso at maibalik ang nawalang imahe ng Diyos. At sa retreat na ito, nakita ko ang pagbabago ng mga mananampalataya sa pamamagitan ng pag-ibig ng Panginoon at ng kapangyarihan ng Diyos.

Naniniwala akong ang pagpapala at pagkaunawang natanggap ko dito ay magiging malaking tulong sa akin para gawin ang ministeryo ko sa mga kaluluwa sa Europa. Hangad ko na pagtibayin ang pakikiisa sa Manmin upang ang mga taga-Europa ay mapanumbalik at mabago nang lubos.

Sinabi ni ***Kapatid na Nikolay Palnikov mula sa U.S.,*** “Ang Retreat sa Tag-init ay napakaespesyal at mayroong iba’t ibang aktibidad tulad ng nabalitaan ko. Hindi pa ako nakakita ng ganoong klaseng retreat sa Rusya man o sa Estados Unidos. Nagustuhan ko ang mga mensahe na ipinangaral sa mga Sesyon ng Edukasyon. Ang mahusay na pagtatanghal ng mga grupo ng manganganta at mananayaw ay kahanga-hanga at makabagbag damdamin. Nakasali na ako sa mga pagsamba ng Manmin Central Church sa Internet at nakita ko na ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos. Subalit mas nadama ko ang biyaya dito. At malaking kagalakan para sa akin nang may dumapong tutubi sa mga daliri at ulo ko.”

***Rev. Fernando Borbon, Kinatawan ng Costa Rica sa Timog Korea,*** puspos ng galak na sinabing, “Nadarama kong may Diyos dahil sa mga naggagalawang bituin.”

Sinabi ng ***Kapatid na Jennifer, na taga-Belgium at tumanggap ng parangal na MVP sa Palaro,*** “Hindi ko inisip na mabibigyan ako ng parangal. Nakakabigla. Iniisip kong nanalo ako sa laro dahil sa tulong ng Diyos. Marami na akong nadaluhang mga ‘Christian Camps’ sa Europa, subalit ibang-iba at kamangha-mangha ang Retreat sa Tag-init ng Manmin dahil nadama ko ang buhay na Diyos. Ito ay naging malaking biyaya sa akin.”

Ayon kay ***Direktor Alexey Smotrov, na nagmula sa Missionary Training School sa Saint-Petersburg ng Rusya,*** said, “Humanga ako sa mga tutubing dumapo sa akin. At nagustuhan ko ang Pulong Panalangin kasama si Gng. Boknim Lee. Sa pananalangin niya para sa akin, napaluha ako, hindi ko na napigilan.” Sinabi naman ng asawa niyang si Gng. Ekaterina Smotrova, “Tumanggap ako ng pagpapala sa nakita kong napakaraming mananampalatayang nagkaisa sa pag-oorganisa ng lahat ng mga kaganapan sa maayos na paraan.”

May nag-ulit sa sinabi ni ***Rev. Patrick Roger Lawrence ng Saint Luke Church, isang iglesyang Anglikano sa Sri Lanka,*** “Humanga ako sa dami ng dumalo. Pakiramdam ko nasa Langit ako.”

Sinabi ng ***Kapatid na Maria Goren mula sa Jerusalem, Israel,*** “Nabiyayaan ako nang makita ko ang napakaraming mananampalatayang nagpupuri sa Diyos na may iisang puso. Ang mga mensaheng inihatid sa Sesyon ng Edukasyon ay magagamit ko sa buhay ko sa araw-araw. Gustong-gusto ko ito.”

Sinabi ni ***Pastor Oleg Yershov, Manmin Church sa Ashdod,*** “Humanga ako sa maaraw at malamig na panahon. Pinigil ng Diyos ang pag-ulan sa lahat ng mga gawain, tinakpan pa Niya ng ulap ang araw. Sa totoo lang, nag-alala ako dahil umuulan noong umalis kami sa tinutuluyan namin patungo sa Palaro. Subalit tiniyak sa akin ng mga mananampalataya sa paligid ko, “Hindi uulan sa Palaruan.” Nagkatotoo ang sinabi nila. Maaraw nga! Lubos akong pinagpala.”

Pinagtapat ng sabay-sabay ng ***Tatlong Kapatid na Babae mula sa Nairobi, Kenya na sina Kahambu Mwenge Kukopa, Kachanula Stella, at Mukopa Deborah,*** “Nagustuhan namin ang Campfire Praise and Worship. Nanguna si Pastora Heesun Lee sa gawaing ito. Habang umaawit na kasabay niya, nadama namin ang dakilang pag-ibig ng Diyos. Masayang-masaya kami nang bisitahin namin ang lugar ng Muan Sweet Water at nang personal naming makita ang mga tutubi, mga naggagalawang bituin, at ang misteryosong liwanag na may limang kulay.”

### Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)

“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee  Punong Patnugot: Geumsun Vin

Balitang Manmin

NO. 45 SETYEMBRE 4, 2011

# Ang Pandaigdigang Espirituwal na Pagdiriwang – Retreat sa Tag-init ng Manmin Para Sa 2011,

## Sa Tema na ‘Pagtitiwala’ ay Dinaluhan ng may 7,000 Mananampalatayang Nagmula sa 29 Bansa!





Ang Retreat sa Tag-init ng Misyon ng Kalalakihan at Kababaihan ng Manmin para sa 2011 ay ginanap sa pangunahing tema na ‘Pagtitiwala’ mula Agosto 1 - 3. Dumalo at nakibahagi ang mga mananampalataya at at mga pastor mula sa Korea at ibang bansa. Ito ay katulad ng isang pagdiriwang na puno ng pag-ibig at pagpapala.

Ang Retreat sa Tag-init ng Manmin ay isang mahalagang pagkakataon para sa mga miyembro na ‘muling palakasin’ ang kanilang espiritu at katagpuin ang buhay na Diyos sa pag-ibig ng Panginoon habang bakasyon sa tag-init.

Ang Retreat sa Tag-init ng Misyon ng Kalalakihan at Kababaihan para sa 2011 ay ginawa sa Muju Deogyusan Resort, sa probinsya ng Jeonbuk. Ang naging pangunahing tema ay ‘Pagtitiwala’ batay sa Juan 15:1-8. Dinaluhan ito ng mga pastor at mga miyembro mula sa Seoul, Daejeon, Busan, Gwangju, Cheongju, Gumi, Masan, Yeosu, Mokpo, Chuncheon, at Jeju ng Korea. Pinatunayan din ng 330 pastor at mga mananampalataya na mula sa 29 bansa kasama ang U.S., Canada, Belgium, Kazakhstan, Israel, Singapore, Japan, Pilipinas, at Tsina na ang Retreat sa Tag-init ng Manmin ay isa na ngayong pandaigdigang pagdiriwang.

Ang unang sesyon ng pag-aaral ay sinimulan ng isang naka-record na panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Si Gng. Boknim Lee, pangulo ng Manmin Prayer Center (Sentro ng Panalangin ng Manmin) ang naghatid ng mensaheng ‘Pinakamahusay na Maybahay: Dalangin sa Pagpasok sa Bagong Jerusalem’ na batay sa Mga Kawikaan 31:10. Hinimok niya ang mga tagapakinig na iwaksi ang mga kasinungalingan sa kanilang mga puso nang may pagtitiyaga katulad ng isang kabibe na nakakabuo ng perlas mula sa matinding sakit.

Kinabukasan, nagpaligsahan sa pamamagitan ng mga laro ang mga mananampalatayang Koreano at ang mga banyaga. Ang mga koponan na tinawag na ‘Koponan ng Pananampalataya,’ ‘Koponan ng Pag-asa,’ at ang ‘Koponan ng Pag-ibig’ ay nagtagisan sa ‘Fill-the-Tower Ball Toss,’ Pang-grupong Luksong-lubid, Soccer, Volley Ball, Spot-Kick Shoot Out, Pagpapagulong ng Lobo, Tug-of-war, Obstacle Race, at Relay Race. Pinatatag ng mga laro ang pagkakaisa nila bilang magkakapatid. Ang tagisan sa cheering (pagpapasigla) para sa bawat koponan ay nakadagdag sa kagalakan.

Ang ‘Koponan ng Pag-ibig’ ang nanalo sa Palaro sa taong ito, at ang premyong MVP (pinakamahalagang manlalaro) ay iginawad kina Diakono Woongkil Park ng Daejeon Manmin Church at Kapatid na Jennifer na taga-Belgium.

Kinagabihan, naghatid ng mensaheng may titulong ‘Pagtitiwala’ batay sa Juan 15:1-8 si Pastora Heejin Lee, tagapangulo ng Komite ng Pagtatanghal. Sinabi niya, “Patuloy nating dinadanas ang espirituwal na paglago dahil sa ating pastor. Naging daan ito sa pag-usad ng pananampalataya natin. Kung makikita natin kung ano ang espirituwal na paglago, mauunawaan natin ang kalooban ng pastor. At kung magtitiwala tayo sa pastor, makakapasok tayo sa pinakamagandang tirahan sa Langit, ang Bagong Jerusalem.”

Puspos ng Banal na Espiritu, pinangunahan ni Pastora Heesun Lee, Tagapayong Guro ng Misyon ng Kalalakihan at Kababaihan, ang pulong panalangin at Campfire Praise and Worship. Ang mga miyembrong dumalo ay nagbigay puri sa Diyos habang umaawit ng mga papuring awit na puno ng pag-asa sa Langit. Pinanood nila ang mga kwitis at sinariwa ang pagpapasiya ng puso at isipan. Ang Campfire Praise and Worship ay nagpakita ng pagkakasundo at pagkakaisa ng mga miyembro ng Manmin sa buong mundo. At nadama nila ang pag-ibig ng Diyos, na umaaliw sa kanila at nagbibigay ng mga tugon at biyaya.

Ang taya ng panahon sa unang linggo ng Agosto ay malakas na ulan at magiging napakainit sa buong bansa. Dahil sa panalangin ni Dr. Lee, naiba ang lagay ng panahon, nakakita sila ng mga bahaghari, mga bituing naggagalawan, aurora lights na may iba’t ibang hugis, at iba pang mga imahe habang tinatamasa ang maaraw at malamig na panahon. Ngayong taong ito, tulad ng mga nakaraang taon, may mga tutubing dumapo sa mukha, kamay, balikat, at daliri ng mga mananampalataya. Salamat sa mga tutubi, nagkaroon sila ng kawili-wiling panahon na ligtas sa mapaminsalang mga insekto at kulisap. (Basahin ang tungkol dito sa pahina 4)

# Pagtitiwala

"Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang Aking Ama ang tagapag-alaga. Ang bawat sanga sa Akin na hindi nagbubunga ay inaalis Niya; at ang bawat sanga na nagbubunga ay nililinis Niya upang lalong magbunga. Kayo'y malilinis na sa pamamagitan ng salita na Aking sinabi sa inyo. Kayo'y manatili sa Akin, at Ako'y sa inyo. Gaya ng sanga na hindi magbubunga buhat sa kanyang sarili malibang nakakabit sa puno, gayundin naman kayo, malibang kayo'y manatili sa Akin. Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa Akin at Ako'y sa kanya ay siyang nagbubunga ng marami. Sapagkat kung kayo'y hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa. Kung ang sinuman ay hindi manatili sa Akin, siya'y itatapong katulad ng sanga at matutuyo, at sila ay titipunin at ihahagis sa apoy at masusunog. Kung kayo'y mananatili sa Akin, at ang mga salita Ko'y mananatili sa inyo, hingin ninyo ang anumang inyong nais, at ito'y gagawin para sa inyo. Sa pamamagitan nito'y naluluwalhati ang Aking Ama, na kayo'y magbunga ng marami, at maging mga alagad Ko" (Juan 15:1-8).

Dahil hindi kumpleto ang pagtitiwala kung ito ay manggagaling sa isang panig lang, ang ganap na pagtitiwala ay nangyayari kapag may pananalig sa isa't isa ang dalawang tao. Dapat magkaroon ng matibay na paniniwala at pag-asa sa Panginoon ang isang lingkod Niya at dapat niyang maabot ang antas kung saan maaari nang ipagkatiwala sa kanya ng Panginoon ang kawan. Ito ang lubos na pagtitiwala na dapat pagtibayin sa pagitan ng Panginoon at ng mga lingkod Niya. Sa pamamagitan nito, ang mga lingkod at ang Panginoon ay nagiging isa. Ang isang lingkod na nakipag-isa sa Panginoon ay itinulad sa sanga na nananatili sa puno at namumunga ng marami. Dahil dito, maluluwalhati ng lingkod ang Diyos. Tatalakayin ko ngayon ang tatlong aspeto ng pagtitiwala.

### Ang unang aspeto ay ang pagtitiwala sa pagitan ninyo at ng Diyos Ama

Ang pagtitiwala ninyo sa Diyos ay masusukat sa pagsunod ninyo sa Salita Niya. Makikita ang pagtitiwala ninyo sa sukat ng pagsunod ninyo sa sinasabi ng Biblia na gawin at huwag gawin, ingatan at itakwil. Ang isang taong ganap na nagtitiwala sa Diyos ay palaging namumuhay sa kalooban Niya, may nakakakita man sa kanya o wala.

Ito'y dahil naniniwala siyang ang Diyos ay buhay at nakikita ang lahat ng bagay. Naniniwala din siyang ang mabuting kalooban ng Diyos ay nasa Salita Niya. Kung minsan, ang pamumuhay sa Salita ng Diyos ay nagiging sanhi ng pagkalugi o nagiging banta sa buhay ninyo. Sa kabila ng realidad ng buhay, sumusunod pa rin sa kalooban ng Diyos ang taong tunay na nagtitiwala sa Kanya.

Ganito ang pagtitiwala ni Daniel at ng tatlo niyang mga kaibigan. Tinanggihan nilang kainin ang espesyal na pagkain sa hapag kainan ng hari para makaiwas na kainin ang mga bagay na inihandog sa mga diyus-diyosan. Pinili nila ang kamatayan sa halip na sumamba sa mga imahe ng diyus-diyosan. Tanging sa Diyos lang sila yuyukod, magsisilbi at sasamba. Hindi huminto si Daniel sa pananalangin kahit na itinapon siya sa kulungan ng mga leon dahil dito.

Tunay na karapat-dapat silang pagtiwalaan sa mata ng Diyos! Malaki ang tiwala sa kanila ng Diyos mismo. Lubos nilang sinunod ang kalooban Niya nang walang takot at nakahandang dumaan sa apoy at tubig bilang pagsunod. Iningatan ng Diyos ang tatlong lalaki sa loob ng naglalagablab na pugon at ni hindi sila nasaktan. Binantayan din ng Diyos si Daniel sa kulungan ng mga leon. Pagkatapos noon, ibinigay sa kanila ng Diyos ang mas mataas na katungkulan kaysa sa dati.

### Ang pangalawa ay ang pagtitiwala sa pagitan ninyo at ng Panginoon.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Ang pagtitiwala ninyo sa Panginoon ay masusukat sa paniniwala ninyo sa pagbabalik Niya upang dalhin kayo sa tahanan ninyo sa Langit. Ipinagkatiwala ng Panginoon sa mga lingkod Niya at mga manggagawa ang pangangalaga sa mga kaluluwa na binili Niya ng mahalagang dugo Niya. Hiniling Niyang gawin nila ang tungkulin ng pagpapatotoo na Siya ay nabuhay muli at Siya ang Cristo. At nangako Siyang babalik sa takdang panahon.

Kung nagtitiwala kayo sa Panginoon, hindi ninyo makakalimutan ang tungkuling ito na ibinigay Niya, kahit saglit lang. Nagtalaga ang Panginoon ng tungkulin sa bawat isa na ayon sa kanilang mga talento. Sa pagbabalik ng Panginoon, ang bawat isa sa inyo ay magsusulit ng inyong tungkulin. Sa Lucas 12:48, sinabi Niya, "Sa bawat binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kanya; at sa kanya na pinagkatiwalaan ng marami ay higit na marami ang kanilang hihingin sa kanya."

Kung totoong nagtitiwala kayo sa Panginoon, dapat kayong sumunod sa daan Niya. Una sa lahat, dapat ninyong tularan ang banal at walang salang Panginoon. Pagkatapos, dapat ninyong ialay ang inyong sarili para sa mga kaluluwa katulad ng ginawa ng Panginoon. Kung lubos ang pagtitiwala ninyo sa Panginoon, pagtitiwalaan din Niya kayo, at bibigyan Niya kayo ng sobra-sobrang lakas at talino.

Pagkatapos ng pagkabuhay muli at pag-akyat sa Langit ng Panginoon, ang mga alagad Niya ay nagkaroon ng katiyakan na ang Panginoon ay ang Cristo, at matapang na ipinangaral ang Ebanghelyo kahit ang mga situwasyon ay nagpahamak sa buhay nila. Kasunod ng pagtitiwala ninyo sa Panginoon ang pagtitiwala Niya sa inyo. Sinasamahan Niya kayo nang may lakas at awtoridad at pinapalakas kayo para matupad ninyo ang mga tungkulin ninyo gaya ng nakasulat sa Marcos 16:20.

### Ang pangatlo at panghuling aspeto ay ang pagtitiwala ninyo sa pastor.

Sa anong batayan ninyo susukatin ang pagtitiwala ninyo sa pastol o pastor? Ang pagtitiwala ninyo sa pastor ay nababawasan sa tuwing susundin ninyo ang mga makalaman ninyong saloobin.

Halimbawa, ipagpalagay na iniisip ninyo, 'Bakit nagsasalita ng ganoong bagay ang pastor? Hindi niya sinasabi ang katotohanan tulad ng pagkakaalam ko dito. Sinong nagsabi sa kanya ng mga bagay na hindi totoo?' Lahat ng mga saloobing ito ay nasa kategorya ng 'makalaman na pag-iisip.' Akala ng mga taong ito na tama ang iniisip nila, kaya hindi sila makasigaw ng "Amen" sa mga sinasabi ng pastor.

Anong klaseng tao ba ang puwedeng sabihing nagtitiwala sa pastor? Walang iniisip na masama sa mga salita ng pastor ang isang taong nagtitiwala sa kanya. Ang isang lingkod na tunay na nagtitiwala sa Panginoon ay palaging tanggap ang mga mensahe niya sa espiritu at iniisip lang ang kabutihan. Kahit na mayroon siyang ibang saloobin at opinyon, iniisip niyang siya ang mali at ang pastor ang tama. At maaaring iniisip din niya, 'Malamang may dahilan kung bakit niya sinasabi ito. Binabanggit niya ang puntong iyon para maliwanagan ang maraming tao at magabayan kami ayon sa katotohanan at espiritu.'

Ang mga tumatanggap sa mensahe ayon sa espiritu at umuunawa sa kabutihan nito ay makakamit din ang espirituwal na kahulugan ng mga salita ng pastor na sa una ay hindi nila naunawaan. Magkakaroon sila ng pag-unawa dahil nagtitiwala sila sa pastor, at naniniwala at sumusunod sa lahat ng sabihin niya. Ang patuloy na ganitong mga karanasan ang kukumpleto sa pagtitiwala ninyo sa pastor. Maaari na ring pagtiwalaan ng pastor ang mga lingkod at mga pastor na nagtitiwala sa kanya.

May ilang manggagawa si apostol Pablo na mapagkakatiwalaan. Sinuportahan siya sa espiritu at sa pananalapi nina Prisca (Priscila) at Aquila, mga kamanggagawa niya kay Cristo Jesus. Pinatotohanan niya ito sa Mga Taga-Roma 16:4, "na ipinain ang kanilang leeg para sa aking buhay, sa kanila'y hindi lamang ako ang nagpapasalamat, kundi pati ang lahat ng mga iglesya ng mga Hentil." Isinasaad ng talatang ito sa atin kung gaano kamahal nina Prisca at Aquila si apostol Pablo at kung gaano kalalim ang pagtitiwala ni Pablo sa kanila.


Umaasa ako na magtitiwala kayo sa Diyos, at sa pastor na palaging lumalakad na kasama Niya sa pamamagitan ng pagsunod sa salita ng Panginoon at pangangalaga ng inyong puso para sa katotohanan. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa pagtupad nito, tatanggapin ninyo ang mga sagot sa inyong mga panalangin at makakapasok sa pinakamagandang tirahan, ang Bagong Jerusalem.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

| Manila Manmin Holiness Church | Bataan Manmin Holiness Church | Isabela Manmin Holiness Church | Cavite Manmin Holiness Church | Imus Manmin Holiness Church | Cebu Manmin Holiness Church | Davao Manmin Holiness Church |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>2-735-1423 | 067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0910-262-5465 | Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0905-649-1120 | 5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines<br>Pastor Sharon Cho<br>046-850-3193 /<br>0916-674-3903 /<br>0905-319-8191 | Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines<br>Pastor Jubeom Kim<br>0927-311-7633 | LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines<br>Pastor Rossetta Sung<br>0921-635-7595 | 301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines<br>Pastor Kathryn Kim<br>0908-635-2714 |



# "Nakatayo Na Ba Kayo sa Bato ng Pananampalataya?"



Kailangan nating tumanggap ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya para makapasok sa Langit, at pagkatapos ay maaari na rin tayong tumanggap ng mga sagot sa mga panalangin natin. Sa palagay ninyo, nasa anong antas na ang pananampalataya ninyo?

Nakatayo na ba kayo sa bato ng pananampalataya? Ang 'bato' dito ay tumutukoy sa saligang bato na malapad, patag, at malaki. Ipinapakita nito ang matatag at ligtas na kalagayan. Kung 'nakatayo tayo sa bato ng pananampalataya' ang pananampalataya natin ay nagiging matatag at malakas at hindi nauuga ng kahit na anong pangyayari. Hindi na magiging mahirap para sa atin na ingatan ang salita ng Diyos. Makakamit din natin ang tagumpay sa lahat ng bagay dahil sa pananampalataya.

Para makatayo sa bato ng pananampalataya, kailangang iwaksi natin ang makasalanang likas sa ating mga puso. Mayroong siyam na pag-uugali o katangian na hindi dapat makita sa isang taong nakatayo sa bato ng pananampalataya.

## Ang una ay 'Mainit ang Ulo'

Ang ibig sabihin ng 'mainit ang ulo' ay mayroong masasamang damdamin tulad ng galit na nagmumula sa puso ninyo. Kung hindi na maitago ang galit na ito, maaaring magmura kayo o maging bayolente. Subalit ang mga nakatayo sa bato ng pananampalataya ay ni walang masamang damdamin sa mga puso nila kahit panandalian lang.

Mahirap kung pipilitin nating itago o pigilin ang init ng ulo dahil baka may masabi tayong mga bagay na bunsod ng sama ng loob. Samakatwid, malayo pa tayo sa antas na 'nakatayo sa bato ng pananampalataya.' Kung sa palagay ninyo, kayo ay nakatayo na sa bato ng pananampalataya subalit ang galit ninyo ay nakikita sa mukha ninyo, sa tono ng pananalita ninyo, o sa ugali, nagkakamali kayo. Kung minsan, may mga nagagalit at nagpapakita ng init ng ulo, pero nagsasabi, 'Hindi ako galit o inis, gusto ko lang ituro sa iba kung ano ang tama,' o kaya 'Ang galit ko ay makatuwirang galit.' Kung ito ang 'palusot' nila, pinapatunayan nilang malayo pa sila sa antas na 'nakatayo sa bato ng pananampalataya.'

## Ang pangalawa ay 'Mga Sama ng Loob'

Ang mga 'sama ng loob' ay nagmumula sa iba't ibang kasinungalingan sa puso at lumalabas sa damdamin at emosyon. Mas malawak ang sakop nito kaysa sa 'mainit ang ulo.' Ang mga hindi mapalagay na damdamin, paghihinanakit, at pagkabigo ay mga karaniwang halimbawa. Kapag may isang taong pumuna sa inyo at pinagsabihan kayo, maaaring hindi na mapalagay ang damdamin ninyo. Kapag hindi kayo pinagsisilbihan o hindi kayo pinakikitunguhan sa paraang gusto ninyo, hindi kayo nasisiyahan o nabibigo kayo. O kaya, kung hindi kayo pinahahalagahan ng iba, hindi ninyo tinatanggap ang sa tingin ninyo ay dapat mapasainyo, o inakusahan kayo ng mali, maaaring mabigo kayo o magkaroon ng hinanakit.

Gayon pa man, kung tayo ay nakatayo sa bato ng pananampalataya, magkakaroon tayo ng puso ng aliping walang kabuluhan na inilarawan sa Lucas 17:7-10. Kaya ang mga sama ng loob gaya ng pagkabigo, o damdaming hindi mapalagay ay hindi lalabas mula sa puso. Subalit dinadaya ninyo ang inyong sarili sa pagsasabing 'Wala akong damdaming ganoon,' kahit alam naman ninyong mayroon, hindi kayo makakatayo sa bato ng pananampalataya.

## Ang pangatlo ay Galit, Selos, at Inggit

Kahit na hindi ninyo ipinapakita kung ano ang laman ng puso ninyo, kapag patuloy ang galit ninyo sa iba sa isipan ninyo, para na rin itong pagpatay gaya ng nakasulat sa 1 Juan 3:15. Wala itong puwang sa 'pagtayo sa bato ng pananampalataya.'

Ang selos at galit ay nasa kategorya na malinaw na gawa ng laman na nakasulat sa Galacia 5. Kailangan ninyong iwaksi ang kasamaang ito. Kapag may isang taong pinuri, nagseselos kayo dahil mas iniisip ninyo ang mga maling bagay na nagawa niya. Ang pusong tapat ay nagagalak sa katotohanan.

Dapat kayong magalak kapag nahihigitan kayo ng iba, may nagmamahal sa kanila, at pinapahalagahan o pinupuri sila. Huwag kayong magkamaling isipin na nakatayo kayo sa bato ng pananampalataya kung mayroong kayong galit, selos at inggit.

## Ang pang-apat ay 'Sinungaling at Madayang Puso'

Kung nandadaya kayo o nagsisinungaling para sa sariling pakinabang, hindi pa kayo nakatayo sa bato ng pananampalataya. May mga nagdadagdag sa totoong kuwento para magyabang. O kaya, binabawasan ang kuwento para maitago ang kasalanan. Ang dahilan nito ay mayroon silang sinungaling at madayang mga puso.

Kung dinadaya ninyo ang amo ninyo, ang iglesya, o pastor, nangangahulugang hindi ninyo naiisip na nakatingin ang Diyos. Kahit na pansamantalang nasolusyunan ang problema sa pamamagitan ng pagsisinungaling ninyo, mahuhulog pa rin kayo sa mga pagsubok. Higit pa riyan, maaaring mas lumala pa ang pagsisinungaling ninyo. Para makatayo sa bato ng pananampalataya, huwag kayong mandaya kahit sa maliit na bagay lang, ni magsinungaling para pagtakpan ito.

## Ang panlima ay 'Panghuhusga'

Ang mga tao ay nanghuhusga o humahatol ayon sa sariling pasiya o kaalaman o batay sa kung ano ang mabuti at tama sa pananaw nila. Gayon pa man, ang Diyos lang ang sumasaliksik sa puso at nakakaalam ng lahat ng bagay. Samakatwid, dapat nating malaman na ang panghuhusga o paghatol ay nagmumula sa kayabangan gaya ng nakasulat sa Santiago 4:11-12. Ang panghuhusga ay madalas na nauuwi sa paninirang puri, pagmamaliit, at pagsasalita ng hindi maganda tungkol sa iba. Nauuwi ito sa paghatol. Huwag ninyong pulaan ang kapwa batay sa sariling pakiwari. Ang mga nanghuhusga sa mga bagay na nakikita o ayon sa mga tsismis ay malayo pa sa pagsulong patungo sa pagtayo sa bato ng pananampalataya.

## Ang pang-anim ay 'Pabago-bagong Puso'

Ang pinakanatatanging tanda ng makalaman na mga bagay ay ang pabago-bago ng mga ito. Ang mga espirituwal ay pinapanatili sa puso ang napagpasiyahan. Kung madalas kayong hindi tumutupad sa mga pangako ninyo sa kapwa, o kahit sa Diyos, dapat ninyong makitang nasa inyo ang ugaling pabago-bago. Ang mga nakatayo sa bato ng pananampalataya ay hindi tumatalikod sa pananampalataya nila sa Panginoon kahit may panganib at takot sa harap ng kamatayan. Hindi sila nagbabago. Ibig sabihin, mamamatay silang martir para sa Panginoon sa ganitong uri ng pananampalataya.

## Pampito ay 'Pangangalunya o Pakikiapid'

Ang tumingin lang sa babae o sa lalaki nang may pagnanasa sa puso o sa isip ay matatawag nang pangangalunya. Mahigpit na nagbabala ang Diyos sa mga kasalanang may kinalaman sa pangangalunya gaya ng kahalayan, kalaswaan, at karumihan. Para tumayo sa bato ng pananampalataya, ang unang bagay na dapat tanggalin ay ang pangangalunya sa isip. Sa Mateo 5:27-28 sinabi ng Panginoon na ang lahat ng tumitingin sa babae nang may pagnanasa sa kanya ay nangalunya na. Kaya hindi lang kayo dapat umiwas sa gawang pangangalunya kundi bunutin din ninyo ang malalim na mga ugat nito na nasa isipan at puso ninyo.

## Ang pangwalo ay ang mga aspeto ng 'Kasakiman, Pag-iimbot, at Makasariling Motibo'

Kadalasang nakikita ang kasakiman o pag-iimbot sa iba't ibang mga bagay gaya ng yaman, katanyagan, awtoridad at kapangyarihan. Pansariling pakinabang at pagnanasa ang habol ng taong may makasariling motibo. Pera ang madalas na dahilan. Kung patuloy tayong magmamahal sa pera, natural na mapapalayo tayo sa Diyos, at mahuhulog sa mga makamundong aliw habang tumatagal, at babaling na tayo sa kasakiman (Mateo 19:24).

Ang makasariling motibo ay dahilan ng lahat ng uri ng katiwalian na may kinalaman sa pera. Ang mga taong makasarili ay naghahangad ng pansariling pakinabang, gayundin ng pakinabang ng mga taong malapit sa kanila. Kaya dapat ninyong iwaksi ang kasakiman, pag-iimbot, at makasariling motibo sa puso ninyo.

## Ang Pangsiyam at Panghuli ay 'Pagtataksil'

Ang pusong taksil ay may kinalaman sa pabago-bagong puso, subalit mas malapit ito sa pagiging tuso. Kapag pagsasama-samahin ang masasamang ugali katulad ng paghabol sa pansariling pakinabang, kayabangan, at marami pang iba, nagiging taksil ang tao sa kapwa. Sa mas malalang mga situwasyon, may mga tumanggap ng tulong o biyaya mula sa kapwa pagkatapos ay babalewalain nila ito at pagtataksilan pa. Mas masama ito kaysa sa pabago-bagong puso. Para tumayo sa bato ng pananampalataya, bunutin ang ugat at iwaksi ang pusong nagtataksil.